




Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
SANGAY NG LUNGSOD MALAYBALAY
Purok 6, Casisang Lungsod Malaybalay
Telefax #088- 81- 2894, E-mail add: depedmlyblycity@yahoo.com



MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. ³¹⁹, s. 2017



Para sa mga : Puno ng Kurikulum, Governans at Kawani
Punong guro / Ulongguro ng Pamublikong Paaralan
(Elementarya at Sekundarya)
Punong Seksyon / Yunit at Pamunuan
Sangay Malaybalay

Buhat kay: 
EDILBERTO L. OPLENARIA, CESO VI
Tagapamamahala ng mga Paaralan

Paksa: 2017 PANSANGAY PATIMPALAK BUWAN NG WIKANG
PAMBANSA

Petsa: Hulyo 3, 2017

1. Alinsunod sa pagdiriwang sa Buwan ng Wika 2016 ang Sangay ng Lungsod Malaybalay ay magkakaroon ng Pansangay na Patimpalak sa sumusunod na *Tagisan ng Talento sa Filipino sa Sekondarya* batay sa tema ng pagdiriwang Filipino: Wikang Mapagbago na gaganapin sa *Agosto 24, 2017 sa Paaralang Sentral ng Casisang Lungsod ng Malaybalay* na magsisimula sa ganap na 8:00 ng umaga.
2. Ang antas Elementarya ay binibigyan ng kalayaan na magkaroon ng hanggang pandistritong lebel na pagdiriwang sa kadahilanang walang tagisan ng talento sa elementarya sa panrehiyon na lebel.
3. Ang mga pansangay na tagisan ng talento sa Filipino ay sa kategoryang pangsekondarya sa dagliang talumpati at interpretatibong pagbasa (Pagbibigay

Interpretasyon sa wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyo, isahang pagbasa ng tula at sabayang pagbasa ng tula) .

4. Kalakip ay ang mga pamantayan (*mechanics*) at mga panuntunan ng tagisan ng talento sa Filipino.

5. Inaasahan na ang mga kalahok sa Pansangay na Patimpalak ay iyong kampeyon sa pandistritong tagisan ng talento sa Filipino.

6. Ang kampeyon sa pansangay na tagisan sa Filipino ay siyang kalahok sa *Panrehiyong na Tagisan* na kung saan na mapalad na maging kampeyon sa panrehiyon na lebel ay siyang kumakatawan sa Rehiyon 10 sa *National Festival of Talents na gaganapin sa Lungsod ng Dumaguete* .

7. Ang pamasahang mga kalahok para sa gawain ay manggagaling sa pondong lokal na dapat sumasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

8. Lahat na magsisidalang ay inaasahan na magsusuot ng kasuotang Filipiana na angkop sa pagdiriwang.

9. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**PAMBANSANG
TAGISAN NG TALENTO
SA FILIPINO**

KATEGORYA:

- 1. Dagliang Talumpati**
- 2. Interpretatibong Pagbasa**

1. Dagliang Talumpati

Patnubay sa paglahok

A. Kalahok

- 1. Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School**
- 2. Ang nararapat lumahok sa patimpalak ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino**
- 3. Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay**

B. Panuntunan

- 1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan**
- 2. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati**

3. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

1-30 segundo	- .5 puntos
31-60 segundo	- 1 puntos
61 segundo – pataas	- 2 puntos

4. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras.

5. "Corporate attire" ang inaasahang kasuotan ng kalahok

c. Pamantayan

Katapatan - (35%)	
Idugayon sa paksa	- 20%
Pagbibigay din o dumdamir	- 15%
Hikayat - (25%)	
Dulang sa modis	- 5%
Kalamayhang panganghalian	- 5%
Etika, galaw, kumpas	- 10%
Idugayon ng mabuti	- 5%
Tula - (20%)	
Lakas	- 5%
Papuriang	- 5%
Kaanglupan ng diwa at dumdamir	- 10%
Bigla - (20%)	
Makalat at malibang	- 10%
Wastong pagkukata ng sulat	- 5%
Dila/hiwalay	- 5%

2. Interpretatibong Pagbasa

(Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)

A. Kalahok

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral sa Junior High School na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino
3. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/ tagapagsanay

B. Panuntunan

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalahok
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda

5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampunang minuto; susundin ang paraang ito hanggang sa huling kalahok.

6. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isang pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin .

7. Dapat na ang interpretasyon ay nakaangkop sa genreng nakasulat sa piyesa

8. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt

9. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama na ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok

10. Walang anumang "props" o kagamitan, *background music* o instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok

11. likot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang *adlib*

c. pamantayan

- **Katapatan – 40%**
 - Pagpapalutang ng diwa - 20%
 - Pagbibigay –din sa damdamin - 20%
- **Hikayat – 20%**
 - Pang-akit sa madla - 5%
 - Pagbibigay buhay sa tauhan - 5%
 - Tindig - 5%
 - Kumpas/Kilos - 5%
- **Bigkas – 20%**
 - Matatas at maliwanag - 10%
 - May pagbubukod-bukod ng mga salita - 5%
 - May wastong din at intonasyon - 5%
- **Tinig – 20%**
 - Lakas - 5%
 - Taginting - 5%
 - Kaangkupan ng diwa at damdamin - 10%

Paalala:

- ◆ Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang *electronic gadgets* sa *holding area* at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- ◆ Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa *holding area*.
- ◆ Iwasan ang pagbanggit ng pagtatakdanan ng mga kalahok.
- ◆ Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

KASUNDUAN: ANUMANG DESISYON NG INAMPALAN AY PINAL.

daghang salamat !